**DALUMAT**
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

# Danas ng Hayskul na Mag-aaral sa Pag-aaral at Pagkatuto

Felisa D. Marbella [1*], Richelda P. Jolo [1], Ritzelda A. Deri [1], Sheril A. Gilbas [1], Susan S. Janer [1], Susan A. Astillero [1], Errol De Castro [1]
[1] Sorsogon State University
[*] felisa.marbella@sorsu.edu.ph , jolo.richelda@sorsu.edu.ph , raderi@sorsu.edu.ph , sherillgilbas@sorsu.edu.ph , sihjaner@sorsu.edu.ph , sstillero.susan@sorsu.edu.ph , Errol.decastro@sorsu.edu.ph

Petsa ng Pagsumite:
**Hulyo 30, 2026**

Petsa ng Pagtanggap:
**Agosto 30, 2026**

Petsa ng Paglathala:
**Setyembre 09, 2026**

DOI:
**10.5281/zenodo.22676382**

**Abstrak**

Natiyak sa pag-aaral na ito na malaman ang danas ng hayskul na mag-aaral sa pag-aaral at pagkatuto sa mga asignaturang Filipino, English, Math, Science, Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, MAPEH at TLE. Thematic-analisis na disenyo ng pananaliksik ang ginamit. Stratefied random sampling ang ginamit sa pagkuha ng 5 kalahok sa bawat baitang mula Baitang 7 hanggang 10 sa 11 pampublikong paaralang sekondarya sa Lungsod Sorsogon. Nilikom ang mga datos sa pamamagitan ng personal na pagpapasagot sa inihandang talatanungan at pakikipanayam. Lumabas na iba-iba ang positibo at negatibong karanasan ng mga aaral sa kanilang mga asignatura. May mga mag-aaral na walang negatibong naranasan sa ibang aisgnatura at pawang mga positibo lamang subalit may ilan namang parehong positibo at negatibo ang karanasan. Pangunahing salik na nakaaapekto sa kanilang pag-aaral at pagkatuto ay guro, interes at gadget. Samantala, pangunahing naging kasagutan din ng respondents upang makasabay sa talakayan ay pakikinig nang mabuti sa guro, pagtatanong sa guro at kamag-aral, pag-advance reading at pananaliksik. Inirerekomenda na gumamit ang guro ng estratehiya't pamamaraang makapupukaw ng interes ng mga mag-aaral na matuto sa lahat ng asignatura. Magbigay ng mga interaktibong gawain upang mapukaw maging buhay at masaya ang klase. Pataasin ng mga mag-aaral ang interes sa pagbabasa ng iba't ibang babasahin lalo na sa Ingles at Filipino upang madagdagan ang bokabularyo at kaalaman. Magkaroon ang mga mag-aaral ng pagkukusang magtanong sa guro ang kapuwa mag-aaral kung hindi nauunawaan ang aralin. Iwasan ang malabis na paggamit ng gadget. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, nabuo ang mga panukalang gawain sa bawat asignatura.

**Mga Susing Salita:** *Danas, Edukasyon, Mga asignatura sa hayskul, Pag-aaral-pagkatuto, Positibo at negatibong salik*

## INTRODUKSIYON

Kahit saan, kahit kailan ang edukasyon ang isa sa pinakamahalagang larang na may malaking ambag sa paghubog ng bawat indibidwal. Ito ang nagsisilbing daan upang maabot ng isang mamamayan ang kaniyang mga hangarin sa buhay sapagkat malaki ang naitutulong nito upang matutuhan niya ang maraming bagay at mahasa ang kaniyang mga kakayahan na tunay na makaaambag sa kaniyang buong pagkatao patungo sa isang ganap na propesyonal na may angking sapat na kakayahan—pisikal, mental at espiritwal. Ayon kay Carlo (2019)[1], ang edukasyon ang isang proseso ng pagkuha, pag-iipon at pagbabahagi ng kaalaman na maaaring maganap sa dalawang paraan, ang pormal kung saan nangyayari sa loob ng

ISSN:3116-4692

paaralan at ang isa ay yaong di-pormal kung saan kahit sa loob ng tahanan ay may natutuhan ang isang indibidwal particular ang isang bata kung ang mga magulang at mga kasama sa bahay ang kanilang nagiging guro.

Bilang pagpapahalaga sa edukasyon, nakasaad sa Artikulo XIV, seksiyon 1 ng 1987[2] Konstitusyon na dapat pangalagaan at itaguyod ng estado ang karapatan ng lahat ng mamamayan sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas sa pamamagitan ng pagsasagawa ng angkop na mga hakbang upang matamo ng lahat ang gayong edukasyon. Dahil dito ay sinikap ng pamahalaang magkaroon ng libreng edukasyon para sa lahat ng mamamayang Pilipino. Subalit sa lahat ng pagsisikap ng Kagawaran ng Edukasyon ay hindi pa rin maaalis ang problemang may kaugnayan sa usaping pang-edukasyon lalo na pagdating sa mga karanasan, pagtamo ng mataas na antas ng kaalaman. Patunay dito ang isinaad din ni Chanco (2022)[3] sa kaniyang artikulo na inilathala sa *philstar global* na may pamagat na *Crisis in Education*. Ayon dito, sinabi niya na batay sa obserbasyon ni Toti Chikiamco ng Foundation for Economic Freedom ay marami ang suliraning kinahaharap, ito ay ang: kakulangan sa kagamitan; hindi maayos na kurikulum; sobrang populasyon; malnutrisyon at walang kalidad na mga aklat. Nabanggit din ni Ordoña (2022)[4] sa akdang kaniyang isinulat na sa isinagawang pag-aaral ng Programme for International Students Assessment (PISA) noong 2018 ay nasa huling ranggo sa pagbasa mula sa 79 na bansa ang mga Pilipino na nasa edad 15. Samantala, sa isinagawang sarbey ng Cambridge Assessment Network and Research (2019)[5], lumabas na 38% o pinakasikat at paboritong asignatura ng mga edad 12-19 sa buong mundo ang matematika. Pinangawalahan ito ng asignaturang Ingles.

Sa katulad na punto, isa ring malaking hamon sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino kung papaano hihikayatin ang mga mag-aaral na magustuhan at magkaroon ng interes na pag-aralan ang asignaturang ito nang higit o kapantay ng ibang asignaturang gumagamit ng wikang Ingles nang sa gayo'y maging madali para sa kanila na matuto nito. Hindi maitatangging sa kasalukuyan ay mababa ang pagpapahalaga ng karamihan sa asignaturang Filipino, sapagkat mas pinahahalagahan nila ang asignaturang Ingles na mula pa ng panahon ng mga Amerikano ay itinatak na sa isipan ng mga Pilipino na ito ay wika ng kaunlaran at ng mga edukadong mamamayan, kung kaya't binigyan ng malaking tuon nang panahong yaon ang wikang Ingles sa kurikulum sa lahat ng antas ng edukasyon. Isa pang suliranin ngayon ng asignaturang Filipino ay ang inalabas na Commission on Higher Education (CHED) na Memorandum Order bilang 20 serye 2013[6] na naglalayong alisin ang mga minor na asignatura sa kurikulum ng kolehiyo sa taong 2016 upang bigyang-daan ang pagpapaigting ng kaalaman ng mga mag-aaral sa medyor at teknikal na kurso. Dito ay nakasaad na hindi na ituturo ang asignaturang Filipino sa mga mag-aaral sa kolehiyo.

Sa kasalukuyan lalo na't nagkaroon ng pandemya na nagdulot din ng mga suliranin at hadlang sa pagtamo ng mga kabataan ng dekalidad na edukasyon, hindi maitatangging ang lahat ng asignatura ay posibleng naapektuhan. Sa artikulong isinulat ni De Guzman (2021)[7], ipinahayag niyang maraming bata ang hindi nakapag-aral sanhi ng pandemya dahil sa maraming dahilan, una ay hindi kabisado ng mga mag-aaral ang makabagong teknolohiya, walang kakayahang bumili ng gadget at internet, dalawa hanggang talong oras lamang ang pagtuturo ng guro sa onlayn at lahat na ay self-learning na ang nagiging proseso ng pag-aaral ng mga bata. Dagdag pa niya, ang pinakamahalagang bigyan ng tuon ay ang usapin ng kalidad na edukasyon, kung saan ayon sa kaniya tila ba ang ating gobyerno ay hindi nababahala rito.

Sa karanasan ng mga mananaliksik, simula nang isinagawa ang harapang pagtuturo at pagkatuto, ay may mga mag-aaral na nahihirapan sa mga aralin at ang ilan pa'y umiiyak sapagkat napakaraming proyektong kailangang ipasa. Pinatotoohan ito ng kaniyang magulang kasabay ang pagsabing, hindi naman ganito ang kanilang anak nang hindi pa nagkakaroon ng pandemya. Dagdag pa nito, ang ganitong sitwasyon

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

na maraming gawain ay pareho lang din ng naranasan nila nang sila'y mag-aaral din na tulad ng kanilang anak. Ang ganitong mga pangyayari ang nagtulak sa mga mananaliksik na pag-aralan at suriin pang lalo ang paksang ito upang higit pang maunawaan ang nararanasan ng mga mag-aaral kaugnay sa pag-aaral at pagkatuto nila sa kanilang mga asignatura.

**Layunin ng Pag-aaral**

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang:

1) Negatibo at positibong danas ng mga mag-aaral sa pag-aaral at pagkatuto sa iba't ibang asignatura.
2) Mga salik na nakaapekto sa pag-aaral at pagkatuto.
3) Paraang ginagawa upang makasabay sa pag-aaral at pagkatuto.

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular ang tematikong pagsusuri, upang matukoy, masuri, at mabigyang-kahulugan ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa proseso ng pag-aaral at pagkatuto sa iba't ibang asignatura. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga mag-aaral mula Baitang 7 hanggang Baitang 10 na nag-aaral sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa Lungsod ng Sorsogon na napapabilang sa Sorsogon Cluster. Ang pagpili ng mga kalahok ay isinagawa batay sa mga pangalang ibinigay o inirekomenda ng kanilang mga guro, na nagsilbing batayan sa pagtukoy sa mga mag-aaral na angkop na maging kalahok sa pag-aaral.

Upang makalikom ng kinakailangang datos, naghanda ang mga mananaliksik ng talatanungan para sa sarbey na naglalaman ng mga bukas na katanungan na may kaugnayan sa karanasan ng mga mag-aaral sa pag-aaral at pagkatuto sa iba't ibang asignatura. Bago ito gamitin, ang talatanungan ay ipinabalideyt sa mga gurong may sapat na kaalaman at karanasan upang matiyak ang kalinawan, kaugnayan, at kaangkupan ng mga katanungan. Isinagawa rin ang paunang pagpapasagot sa ilang piling mag-aaral upang matukoy at maitama ang mga bahaging maaaring magdulot ng kalituhan o maling interpretasyon.

Matapos ang balidasyon at rebisyon ng instrumento, isinagawa ang harapang pangangalap ng datos. Ipinaalam muna sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral at ang paraan ng kanilang paglahok. Binigyan sila ng kalayaan na maipahayag at maisulat nang tapat ang kanilang mga karanasan, pananaw, at saloobin hinggil sa kanilang pag-aaral at pagkatuto. Tiniyak din ng mga mananaliksik ang pagiging kumpidensiyal ng mga impormasyong kanilang ibinahagi.

Bukod sa sarbey, nagsagawa rin ang mga mananaliksik ng personal na pakikipanayam sa piling mga mag-aaral at guro upang higit na mapalalim at mapagtibay ang mga impormasyong nakalap mula sa talatanungan. Ang mga nakuhang datos mula sa sarbey at panayam ay inayos, binasa, sinuri, at pinangkat batay sa pagkakatulad ng mga ideya at karanasan. Mula rito, tinukoy ang mga pangunahing tema at padron na lumitaw sa mga kasagutan ng mga kalahok. Sa huli, ang mga natukoy na tema ay binigyan ng masusing interpretasyon upang makabuo ng makabuluhang resulta at kongklusyon na naaayon sa layunin ng pag-aaral.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

## MGA RESULTA AT DISKUSYO

Makikita sa Talahanayan 1 ang iba't ibang positibo at negatibong karanasan ng mga mag-aaral sa pag-aaral at pagkatuto sa mga asignaturang Filipino, English, Mathematics, Science, Edukasyon sa Pagpapakatao, Araling Panlipunan, Music Arts Physical Education and Health(MAPEH) at Technology and Livelihood Education(TLE). Ipinapakita rin dito na may mga pagkakatulad at pagkakaiba ang mga karanasan sa mga nabanggit na asignatura.

### Negatibo at Positibong Danas ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral at Pagkatuto sa Iba't ibang Asignatura

**Talahanayan 1**
*Negatibo at Positibong Danas ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral at Pagkatuto sa Iba't Ibang Asignatura*

| Asignatura | Pangkalahatang Mga Karanasan | |
|---|---|---|
| | **Positibo** | **Negatibo** |
| **Filipino** | -magaling, mabait at magandang magturo ang guro<br>-maraming natutuhang iba't ibang akda<br>-masaya ang asignatura<br>-mataas na marka<br>-nalinang ang bokabularyo<br>-naranasang mag-arte<br>-natututong magsalita sa Filipino<br>-natutong magsulat ng iba't ibang akda<br>-natutong pahalagahan ang kultura (G10) | -nahihirapan sa malalalim na salita<br>-nahirapang bigkasin sa Filipino ang ideya<br>-nahirapang magsulat ng akdang pampanitikan<br>-walang negatibong karanasan |
| **English** | -mabait at magaling magturo ang guro<br>-nalinang ang bokabularyo sa Ingles<br>-natutong magsulat ng iba't ibang uri ng sulatin (G7)<br>-natutong magsalita sa harap ng maraming tao<br>-umunlad ang kakayahang magsalita sa Ingles<br>-natuto ng gramatika<br>-natuklasan ang natatagong talento(G9) | -nahihirapang magsalita sa Ingles<br>-nahihirapan sa mga gawain<br>-napakaraming gawain<br>-nahihirapan sa pag-intindi sa aralin<br>-nalilito sa kahulugan ng salita<br>-napapagalitan ng guro<br>-nahihirapang gumawa ng pangungusap at talata<br>-pinagsasabay ang pagpakopya at pagtalakay ng guro<br>-nahihirapan sa spelling (G8)<br>-walang negatibong karanasan |
| **Mathematics** | -magaling magturo ang guro<br>-natututong magsolve<br>-maraming natutuhang bagong kaalaman<br>-open notes kapag may kwis<br>-natututong mag-solve at ng iba't ibang math problems<br>-nagpapalaro tungkol sa math<br>-paborito ang asignatura | -nahihirapang umunawa ng mga formula at math problems<br>-hindi marunong magcompute<br>-walang negatibong karanasan |

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

| | | |
|---|---|---|
| **Science** | -magaling magturo ang guro<br>-maraming natutuhan<br>-nasisiyahan sa asignatura<br>-paboritong asignatura<br>-palaging nagbo-board work(G10) | -nalilito at nahihirapan sa mga aralin<br>-nahihirapan sa pag-eksperimento<br>-nahihiyang magbigay ng ideya<br>-mababa ang marka<br>-maingay<br>-mahina ang boses ng guro<br>-Iba-iba ang guro sa bawat kuwarter(G10)<br>-walang negatibong karanasan |
| **Edukasyon sa Pagpapakatao** | -mabait at magaling magturo ang guro<br>-natututo ng wastong asal<br>-maraming natutuhan<br>-pinalalim ang mga aralin noong elementarya<br>-nakaka-relate sa aralin<br>-may break-time bago magsimula ang klase<br>-aktibo sa klase(G7))<br>-natututo sa pagpapasya sa buhay<br>-natututong magbasa ng bibliya<br>-nagkakaroon ng pagkakataon isama ang sama ng loob(G10) | -kulang sa oras<br>-nakakaantok minsan<br>-nakakalito ang mga pagpipilian sa pagsusulit<br>-hindi nakagagawa ng mga gawain<br>-mababa ang grado<br>-walang negatibong karanasan<br>-mahirap iaplay sa buhay(G8)<br>-hindi maintindihan ang malalim na salita(G9, G10)<br>-Maraming babasahin(G10) |
| **Araling Panlipunan** | -mabait at magaling magturo ang guro<br>-maraming natutuhan patungkol sa kasaysayan<br>-nagkaroon ng kaalaman tungkol sa ekonomiya(G9)<br>-natuto ng mga batas (G10) | -maingay ang klase<br>-nahihirapan sa pagsaulo ng taon at pangyayari<br>-kulang sa oras<br>-nahihirapang umunawa minsan<br>-walang negatibong karanasan |
| **MAPEH** | -mabait at magaling ang guro<br>-naibabahagi ang talento<br>-maraming natutuhan<br>-masaya ang asignatura<br>-mas napapaunlad pa ang mga kakayahan<br>-tumataas ang grado | -hindi marunong sumayaw,kumanta at gumuhit<br>-nahihirapan sa arts<br>-mabilis mahingal tuwing P.E.<br>-maraming gawain (G9)<br>-hirap sa pagsaulo (G9)<br>-madaling pagkapagod tuwing P.E (G9)<br>-hindi gusto ang ibang component (G10)<br>-kulang sa oras<br>- walang negatibong karanasan |
| **TLE** | -mabait at magaling magturo ang guro<br>-maraming natutuhan<br>-palaging nagpapakopya ang guro<br>-napi-perfect ang pagsusulit | -nahihirapan sa pagkabisado ng mga tinalakay at sa ilang gawain<br>-marami ang pinapasulat<br>-nakakuha ng mababang iskor<br>-nauubusan ng ideya<br>-hindi minsan naiintindihan ang aralin |

| | |
|---|---|
| | -madalas may project<br>-hindi masyadong marunong sa teknolohiya (G9, 10)<br>-maraming gastusin (G10)<br>-walang negatibong karanasan |

Mapapansin sa naging resulta na sa lahat ng asignatura ay naging tugon ng mga mag-aaral na positibong karanasan ang pagiging mabait at magaling magturo ang guro. Ayon sa mga mag-aaral na nakapanayam, dahil sa mabait ang kanilang guro ay hindi sila natatakot na tumaas ng kamay at sumagot dahil wala silang kaba na baka pagalitan ng guro o di kaya'y ipahiya kapag mali ang sagot. Dagdag din nila, tunay na kapag magaling ang gurong magturo kahit mahirap na asignatura ay naiengganyo silang makinig dito at nagiging paborito na rin nila ito kinalaunan. Dahil din sa kagalingan ng gurong magturo ay nagiging masaya ang klase at marami silang natutuhang kaalaman na kabilang din sa mga isinagot ng mga mag-aaral mula baitang 7 hanggang 10 sa positibong karanasan nila sa mga asignatura. Ang bagay na ito ay higit na pinagtibay ng pag-aaral na isinagawa ni Puno(2014) na binanggit ni De Guzman (2021)[8] sa kaniyang pag-aaral na, "Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral ng Senior High School". Ayon sa kaniya, ang positibong pag-uugali, kahandaan sa pagtuturo, haplos personal at pagiging masayahin ay mga salik na nakaaapekto sa matagumpay na pagtuturo ng isang guro. Sa kabilang dako, ipinapakita rin nito na mahalagang patuloy na linangin ang kasanayan at kakayahan ng mga guro lalo na sa mga makabagong paraan at kaalaman kaugnay sa asignaturang kanilang itinuturo. Sinabi nga ni Villar (2019)[9] sa isang artikulo na ang pagpapaunlad at paghasa ng kasanayan ng mga guro ay kinakailangan upang higit ding mahasa ang kaalaman ng kanilang mga mag-aaral.

Subalit, sa kabila ng mga positibong karanasan ay mayroon ding mga negatibo kung saan may pagkakaiba-iba ito batay sa asignatura. Kung sa positibo ay malaki ang ambag ng guro para sa pagkatuto ng mga mag-aaral, maging sa negatibong karanasan ay lumabas din ang guro bilang isa sa mga negatibong karanasan, ito ay sa kadahilanang mahina ang boses ng guro at ang pagpalit-palit ng guro sa bawat kuwarter. Gayundin ang estratehiya o pamamaraang ginagamit ng guro sa pagtuturo. Batay sa mga naging kasagutan ng mag-aaral, itinuturing nilang negatibong karanasan ang madalas na pagbibigay ng proyekto ng guro, maraming pinapasulat, at ang sabay na pagpapakopya ng guro habang nagtatalakay ito ng aralin.

Sa kabilang dako naman, lumabas na sa asignaturang Ingles at Filipino ay may mga mag-aaral mula baitang 7 hanggang 10 na nahihirapan sa mga malalalim na salita at maging sa pagbigkas sa wikang Filipino. Sinabi ng isang grupo ng mag-aaral na nakapanayam ng mga mananaliksik na kapag nagbabasa na sila ng mga akdang pampanitikan lalo na sa tula ay tunay na nahihirapan silang unawain ang mga matatalinghagang pahayag at maging sa pagbabaybay. Nangangahulugan ito kung gayon na mula pa man noon hanggang sa kasalukuyan ay isa na ito sa mga suliranin ng mga mag-aaral sa mga nabanggit na asignatura. Maging sa pakikipanayam sa ibang kapuwa guro sa Filipino at Ingles, ay ganito rin ang kanilang naoobserbahan, subalit para sa kanila mas higit na nahihirapan ang kanilang mag-aaral sa mga salitang malalalim sa wikang Filipino. Dagdag nila, ginagawan naman nila ng paraan kung paano ito maibsan na suliranin subalit hindi pa rin sapat.

Ang suliraning ito ay tunay na may malaking impak sa alinmang asignatura. Kahit isang salita na hindi alam ng mag-aaral ang kahulugan ay maaari nang magkaroon ng malaking impak sa kanilang pagkatuto, sabi nga ng isang guro ng asignaturang Filipino na nakapanayam,

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

*"Hindi magiging ganap ang pag-unawa ng mag-aaral, kahit anong pamamaraan ang gamitin, kung hindi nila mismong nauunawaan ang mga salita. Kaya sinisiguro kong bago kami dumako sa pagbabasa ng akda ay palaging may paghawan ng sagabal upang maunawaan nila ang nilalaman ng tekstong aming babasahin."*

**— Guro, G7-FIC**

Pinatutunayan lamang ng naging pahayag ng guro na isa sa mga mahahalagang kailangang malinang sa bata ay ang bokabularyo. Nabanggit nga ni Castillo (2021)[10] na sa pag-aaral ni Aguila (2017) sinabi nitong sa pamamagitan ng pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa ay nagiging madali ang pagsusuring ginagawa ng mag-aaral lalo na kung ito ay may kasamang pahiwatig o nilalaman ng pamagat.

Sa ibang asignatura naman gaya ng matematika ay nahihirapan sila sa pagsagot o pag-*compute* ng mga formula, sa science naman ay sa pag-eksperimento. Samantala, may mga pagkakataon namang wala sa guro ang suliranin sapagkat ayon sa naging kasagutan ng ilang nakapanamayam na mag-aaral sinabi nilang nahihirapan sila sa pagkabisado ng aralin, paggawa ng mga proyekto, at nahihiyang magbigay ng ideya. Ipinapakita lamang ng naging resulta na ang maaaring maging sanhi ng positibo at negatibong karanasan ng mga mag-aaral sa asignatura ay hindi lamang lahat mula sa guro kundi marami ang maaaring maging dahilan isa na rito ay ang motibasyon at kakayahan ng mag-aaral, gaya ng naging kasagutan ng ilang mag-aaral na hindi gusto ang ilang component sa asignaturang MAPEH, nahihirapan sa arts, madaling mapagod tuwing P.E, gayundin sa asignaturang T.L.E., kung saan may sumagot na nahihirapan sa teknolohiya at gayundin ay ang pagkakaroon ng maraming gastusin dahil sa mga proyektong kailangang gawin. Samantala, sa kabila ng mga nabanggit na negatibong karanasan, may mga mag-aaral ding sumagot na wala silang negatibong naranasan sa kanilang mga asignatura.

## Mga Salik na Nakaaapekto sa Pag-aaral at Pagkatuto

**Talahanayan 2**
***Mga Salik na Nakaaapekto sa Pag-aaral at Pagkatuto***

| Baitang 7 | Baitang 8 | Baitang 9 | Baitang 10 |
|---|---|---|---|
| -guro<br>-interes<br>-gadget<br>-napakaraming gawain<br>-pagkaantok<br>-hindi nakakatulog sa tamang oras<br>-pagiging mahiyain<br>-panahon<br>-may pangarap | -guro<br>-interes<br>-gadget<br>-ingay ng klase<br>-hirap sa pagsaulo<br>-hirap sa pag-unawa ng aralin | -guro<br>-interes<br>-gadget<br>-maraming Gawain<br>-kakulangan ng oras sa pag- aaral<br>-depression | -guro<br>-interes<br>-gadget<br>-napakaraming gawain<br>-kakulangan ng oras<br>-mahinang memorya<br>-katamaran<br>-kahirapan ng asignatura<br>-hirap sa pag-unawa<br>-tiwala sa sarili<br>-suporta ng pamilya<br>-ingay ng klase<br>-pagiging late<br>-suporta ng pamilya |

ISSN:3116-4692

Ipinakikita sa Talahanayan 2 ang mga salik na nakaapekto sa pag-aaral at pagkatuto ng mga mag-aaral mula baitang 7 hanggang baitang 10 sa iba't ibang asignatura. Makikita sa naging resulta na may pagkakatulad at pagkakaiba ang mga naging kasagutan ng mga mag-aaral sa bawat baitang.

Lumabas sa resulta na sa lahat ng baitang ay isinagot ng mga mag-aaral ang guro bilang isa sa mga salik na nakaapekto sa kanilang pag-aaral at pagkatuto. Patunay dito ang mga ipinahayag na kasagutan ng mga mag-aaral;

*"Dahil po sa mga guro na nagtuturo saamin at mga leksiyon"*

*"Kagalingan sa pagturo ng mga guro"*

*"Kakulangan sa pagpapaliwanag ng lesson"*

*"Walang pumapasok na guro sa amin at walang natutunan sa asignaturang iyon"*

*"Kulang na Oras para sa paksa at hindi maayos na pagpapaliwanag ng guro"*

*"Kakulangan sa oras ng pagtuturo"*

*"The way na magturo ang teacher sa amin. Kaya ako ay may natutunan"*

Sa mga pahayag na nabanggit, makikita na tunay na malaki ang epekto ng guro at ang pagtuturo nito mismo upang maging matagumpay ang pagtamo ng karunungan ng bawat mag-aaral. Ayon nga kay De Guzman (2021),[11] Ang kahusayan at kaalaman sa saklaw na nilalaman ng mga paksang itinuturo, may haplos personal, masayahin, malikhain at ipinadaramang ang mga mag-aaral ay kabilang sa klase ay tunay na makatutulong sa pagtamo ng kaalaman ng mga mag-aaral. Dagdag pa niya, nakadepende sa mabisang paraan ng pagbabahagi ng kaalaman at impormasyon sa mga mag-aaral ang kahusayan ng isang guro. Nangangahulugan kung gayon na higit na mauunawan ng bata ang isang aralin kung ito'y malinaw na maipalilwanag ng guro lalo't higit ay may angkop na kaalaman ang guro kaugnay sa paksa at may sapat na oras na nakalaan para rito. Pinatutunayan lamang nito na ang mga guro ay tunay na magsisilbing behikulo at gabay ng mga mag-aaral patungo sa pagtamo ng kaalaman na kanilang magagamit sa realidad ng buhay.

Subalit gaya ng nabanggit sa naunang talahanayan, isa ring salik na maaaring makaapekto sa ganap na pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang kanilang interes. Sa pakikipag-usap ng mga mananaliksik sa ilang mag-aaral, sinabi ng mga ito na kapag wala silang interes dito ay hindi sila makikinig o kung hindi nila gusto ang asignatura o ang aralin ay nalulumbay sila at inaantok dahil sa wala silang interes makinig dito. Ipinapakita lamang ng resultang ito na kahit anong pamamaraan ang gawin ng guro kung walang interes ang mga mag-aaral sa paksa at asignatura ay hindi magiging matagumpay ang pag-aaral at pagkatuto ng mga mag-aaral. Sinabi nga ni Rone, et.al (2023),[12] na sa loob ng ilang dekada, ay nagsisilbing tulay sa proseso ng pag-aaral ang motibasyon o interes ng mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

Sunod na nakaapekto sa mga mag-aaral mula baitang 7 hanggang 10 ayon sa kanilang mga naging kasagutan ay ang gadget. "Isang malaking adbentahe sa pag-aaral sa kasalukuyan ang teknolohiya subalit kung hindi magagamit nang tama ay hindi magiging maganda ang maidudulot nito", ang pahayag ng isang gurong nakapanayam kaugnay sa nakikita niyang posibleng sanhi ng distraksiyon o salik na nakaapekto sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Hindi ikinaiila ng mga nakapanayam na mga mag-aaral na ang paggamit ng

mga gadget ay nakaapekto sa kanilang pag-aaral. Bilang patunay, narito ang ilan sa kanilang mga naging kasagutan:

> *"Ang nakakaapekto sa aking pag-aaral ay lagi akong nakababad sa cellphone at minsan lamang nakakapag review."*
>
> *"Pagcellphone at pagsunod sa barkada kung ano ang kanilang nais"*
>
> *"Minsan ay nakaka sagabal ang online games"*
>
> *"Pagka-adik sa cellphone"*
>
> *"Distraction kagaya ng cellphone"*
>
> *"Paggamit ng gadgets"*
>
> *"Ang paggamit ng cellphone dahil minsan ay papasok akong puyat dahil sa kakalaro ng online games"*

Ipinapakita lamang ng mga ito na kinakailangang may magsusubaybay sa mga bata sa kanilang paggamit ng teknolohiya, partikular ng cellphone. Kinakailangang kontrolin ng mga magulang sa tahanan ang haba ng oras na ilalaan ng kanilang mga anak sa paghawak nito upang magkaroon din sila ng oras para sa kanilang pag-aaral upang maging matagumpay at ganap ang kanilang pagkatuto ng mga aralin dahil nga sa sila'y may pokus dito at maiwasan ang negatibong dulot nito maging sa kanilang kalusugan. Ang ganitong resulta ay pinatunayan din sa pag-aaral nina Bacilio, A, et.al (2019),[13] na may pamagat na, "Epekto ng Teknolohiya sa mga Mag-Aaral ng Ika-11 Baitang sa Asignaturang Filipino ng Bestlink College of the Philippines" kung saan lumabas sa kanilang pag-aaral na totoong napapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral kasabay ng paghasa ng kanilang kaalaman at kaayahan sa tulong ng teknolohiya, subalit nandoon din ang hindi magandang epekto nito sa kanila gaya ng paglabo ng mata.

Makikita rin sa resulta na kasamang nakaapekto sa pag-aaral at pagkatuto ng mga mag-aaral ang napakaraming gawain, pagkaantok, hindi nakatulog sa tamang oras, pagiging mahiyain, panahon, pangarap, ingay ng klase, hirap sa pagsaulo, at pag-unawa, katamaran, suporta ng pamilya. Mahihinuha sa mga naging kasagutang ito na hindi maiiwasan ang personal na kakayahan gaya ng kakayahang magmemorya at pag-unawa, ayon nga sa nakapanayam na mag-aaral sa loob ng silid aralan sa oras na nagtatalakay ang kanilang guro ay nauunawaan at parang napakadali lang sa kaniyang unawain ang aralin subalit kinaumagahan kapag nagbigay na ng pagsusulit ang kanilang guro ay mababa na ang kaniyang nakukuhang marka dahil sa nakalimutan niya na ito. Lumabas din na salik ay ang suporta sa pamilya. Nang kapanayamin ang isa sa mga batang sumagot nito, sinabi niyang mas nagiging pursigido siyang mag-aral dahil sa anuman man ang kailanganin niya ay palaging nakaalalay ang kaniyang magulang, lalo na kapag sumasali siya sa mga patimpalak. Ipinakikita lamang nitong tunay na kapag nakasuporta ang magulang sa anak, ay magiging buo rin ang loob ng anak na ipakita ang kaniyang kakakayahan. Isa ito sa nagging rekomendasyon sa pag-aaral nina Anig at Juvy[14] (2023), na kinakailangang i-monitor palagi ng mga magulang ang sikolohikal, emosyonal, mental at pisikal na aspekto ng kanilang anak at ang pangangalaga rito.

**Paraang Ginagawa upang Makasabay sa Pag-aaral at Pagkatuto**

**Talahanayan 3**
*Paraang Ginagawa upang Makasabay sa Pag-aaral at Pagkatuto*

| Baitang 7 | Baitang 8 | Baitang 9 | Baitang 10 |
|---|---|---|---|
| -nakikinig sa guro<br>-nagrireserach sa internet at<br>Library<br>-nagtatanong sa kaklase<br>-nag-aaral nang mabuti<br>-hindi pagliban sa klase<br>-nagbabasa ng mga isinulat<br>-time management | -nakikinig sa guro<br>-nag-aadvance reading<br>-nagtatanong sa kaklase<br>-naglalaan ng mahabang pasensiya sa pag-review | -nakikinig sa guro<br>-nagriresearch ng aralin<br>- nagtatanong sa kaklase<br>-binabalik-balikan ang mga<br>aralin<br>-inuunawa nang mabuti ang<br>aralin<br>-nakikiisa sa mga pangka-tang gawain | -nakikinig sa guro<br>-nagriresearch ng aralin<br>-advance reading<br>-nagtatanong sa kaklase<br>-pagiging aktibo sa klase<br>-inuunawa ang sinasabi ng<br>guro<br>-pagtatala ng mahalagang aralin<br>-pagiging masipag<br>-hindi pagliban sa klase<br>-pakikiisa sa mga gawain |

Makikita naman sa Talahayan 3 ang mga paraang ginagawa ng mga mag-aaral upang makasabay sa pag-aaral at pagkatuto. Ipinakikita ng mga naging kasagutan na bagaman may mga hadlang sa kanilang pag-aaral at pagkatuto ay may ginagawa rin silang mga paraan kung paano nila ito malalabanan.

Isa sa mga naging kasagutan ng mga mag-aaral mula baitang 7 hanggang 10 ay ang pakikinig sa guro. Ayon sa mga mag-aaral nang sila'y kapanayamin nakatutulong nang malaki sa kanilang pagkatuto ang pakikinig sa guro dahil sa may natutuhan talaga sila kahit papaano lalo na kapag magaling magpaliwanag ang guro, siyempre kasabay nito ay ang pag-unawa sa sinasabi ng guro at pagtatala ng mahahalagang salita o pahayag mula sa mga tinalakay. Ayon nga kay Jenkins (2022),[15] ang pagsulat ay isa sa mga pangunahing paraan ng pagkuha ng impormasyon at sa pakikipag-ugnayan sa iba at nagiging daan din ito upang higit pang mapagbuti ang kakayahan sa larangang ito.

Dagdag pa nila, mas natatandaan nila ang aralin kapag may mga halimbawang tumatatak sa kanilang isipan, o kaya'y mga interaktibong laro na minsan ay ginagamitan ng teknolohiya kung saan nakakawala ng antok dahil sila'y nasisiyahan kasabay ng pagkatuto kung kaya't nagiging aktibo sila at naroon ang kanilang pakikiisa sa mga Gawain lalo na't patok din sa kanila ang teknolohiya. Pinatunayan sa pag-aaral na isinagawa nina Varona at Mandado (2020)[16] na higit na magiging epektibo ang pagututuro kapag ang nakagawiang paraan ng pagtuturo at ang kagamitang multimidya ay pinagsama. Sa madaling sabi, ipinahihiwatig nito na sa kasalukuyang sistema ng edukasyon ay tunay na kinakailangan nang gumamit ng mga interaktibong estratehiya at pamamaraan sa pagtuturo upang mapukaw ang interes ng lahat ng mag-aaral na makinig at makisabayan sa talakayan upang maging ganap ang kanilang pagkatuto.

Lumabas din sa mga naging kasagutan ng partisipants na sila ay nag-a-advance reading at nagsasaliksik ng aralin upang magkaroon na ng paunang kaalaman o higit pa silang matuto kaugnay sa paksang tinalakay. Para sa mga batang nakapanayam, malaki ang naitutulong sa kanila ng pag-advance reading dahil sa oras ng talakayan ay may naisasagot sila sa kanilang guro kapag nagtatanong ito. Ipinakikita lamang nito na mahalagang magkaroon ng pagkukusa ang mga mag-aaral sa pagbabasa sapagkat

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

makatutulong ito nang malaki sa pagtamo ng kaalaman ng bawat indibiduwal ipinahayag nga ng dating kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon na si Leonor Magtolis Brionis[17] na inilahad sa isang ipinalabas na balita ng kagawaran ng edukasyon na siya bilang isang masugid na mambabasa, hangad niyang ang mga susunod na henerasyon ay maging mahusay na mambabasa dahil sa ang pagbabasa ay nagbibigay ng maraming benepisyo sa kagalingan at proseso ng pagkatuto.

Kabilang din sa mga isinagot ng mga mag-aaral ay ang pagtatanong sa kaklase. Ayon sa mga mag-aaral, ito ay payo rin sa kanila ng kanilang mga guro na kapag lumiban o hindi nakapasok sa klase ay ugaliing magtanong sa mga kaibigan o kaklase kaugnay sa tinalakay sa mga araw na sila ay wala upang kung ano man ang kanilang gawain o takdang-aralin ay makagawa rin sila at upang mapag-aralan din nila ang mga paksang tinalakay. Nang tinanong sila ng mananaliksik kung ano ang resulta ng ganitong pamamaraan nila, ang naging tugon nila ay, "okay naman po kasi nalalaman namin kung ano ang tinalakay at ginawa, kapag may mga assignment ay nakakapasa rin kami pagpasok namin". Sa kabilang dako naman, ang pagtatanong din sa kaklase ay ginagawa nila kapag hindi pa nila gaanong naunawaan ang aralin, patunay nito ang sumusunod na pahayag ng respondents:

"*Kung hindi ko nakuha ang tinalakay ay nagtatanong ako sa iba kong kaklase o minsan sa mga guro."*

*"Magtanong kong hindi maintindihan, daily research,magtanong minsan sa kaklase kapag absent ako,*

*iniintindi ko ang notes."*

*"Nakikinig at nagtatanong sa aking kaklase kapag hindi ka gaanong naiintindihan ang aming talakayan."*

*"I ask my friend about the last topic and I go to YouTube and searched the lesson given to me."*

*"Kapag akoy absent ay tinatanong ko Ang aking mga kamag aral para alam ko kung saang asignatura ako may*

*hahabulin."*

Ipinakikita ng mga naging kasagutan na malaki rin ang maitutulong ng kanilang kaklase sa kanilang pagkatuto at pagsabay sa mga aralin, kinakailangang lamang nilang magkaroon ng pagkukusang lumapit at magtanong sa kanilang mga kamag-aral. Ang ganitong paraan ng pagkatuto ay napatunayan na ng maraming pananaliksik na epektibong estratehiya sa paaralan, kung saan sa pag-aaral nina Manubey, Batlolona at Leasa (2021)[18], sa kanilang pag-aaral na may pamagat na, "Peer tutoring analysis in inclusive classes using character education approach", sinabi nilang tunay na maimumungkahi ang peer-tutoring sa pagpapataas ng kaalaman ng mga mag-aaral maging ang kanilang mabuting pag-uugali.

Samantala, kabilang din sa mga isinagot ng mga mag-aaral ay ang hindi pagliban sa klase, pagbabasa ng isinulat at pagiging masipag. Sinabi ng mga mag-aaral na iniiwasan talaga nilang mag-absent sa klase dahil nga sa mahirap kapag may mga gawain na hindi sila nakakasabay at maging sa mga araling ipinaliliwanag ng kanilang guro. Dahil ayon sa kanila iba pa rin kapag ang guro ang nagpapaliwanag kaysa sa kanilang kamag-aral. Isa pang ginagawa nila ay ang pagbabasang muli ng mga isinulat kasabay ng

pagiging masipag. Sinabi ng mga mag-aaral na nakatutulong pa rin talaga ang muling pagbabasa ng mga isinulat nilang aralin lalo na kapag may pagsusulit sapagkat muling nananariwa sa kanila ang mga paksang kanilang tinalakay. Kaya sinabi ng ilang kalahok na mahalaga rin talaga ang pagsusulat o pagpapasulat ng mga guro ng aralin, itinuturing pa rin ito ng ilang mga mag-aaral na positibong karanasan dahil nga sa malaki ang kapakinabangan nito sa kanilang pag-aaral sa sunod na mga araw, ginagawa rin nila ito upang sa pagbabalik-aral ng guro ay handa sila ng kanilang isasagot. Ang ganitong rason ay pinatunayan ni Rintaningrum (2019),[19] sa kaniyang pag-aaral na may pamagat na, "Explaining the Important Contribution of Reading Literacy to the Country's Generations: Indonesian's Perspectives", kung saan isa sa mga naging konklusyon niya sa resulta ng kaniyang pag-aaral na ilan sa mga maaring maging benepisyo ng pagbabasa ay ang tagumpay ng mga mag-aaral sa paaralan, tulong sa guro, pagtulong sa iba pang kamag-aral, pagpapabuti sa kasanayan sa pagbasa at pagsulat at nakatutulong din ito upang maging mas matalino pa ang isang indibiduwal.

Sa kabuoan, mahihinuhang batay sa mga naging resulta, napakahalaga pa rin ng pagkukusa ng mga mag-aaral na makaagapay sa aralin. Pinatutunayan nito na tunay na ang pagkatuto ay hindi lamang lahat magmumula sa mga guro kundi maaari ring mula sa mag-aaral kasabay ng motibasyon nitong mag-aral. Sa kabilang banda, upang ang mga mag-aaral ay magkaroon ng motibasyon, kinakailangan ding gumawa ang mga guro ng paaran upang mahikayat ang mga mag-aaral na mag-aral nang mabuti. Ayon nga sa pag-aaral nina Filgona at Okoronka (2020)[20], ang pagsisikap na gawing may kalidad at epektibo ang edukasyon ay hindi magiging matagumpay kung karamihan ng mag-aaral ay walang interes o hindi naganyak. Inirerekomenda rin nilang lumikha ang mga guro ng isang nakaiengganyong lugar ng pagkatuto na magbibigay sa mga mag-aaral ng lubos na kakayahan at ang pagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataong pumili at magplano ng mga gawaing pampagkatuto na maaaring magpataas ng kanilang kaalaman

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Lumabas na iba-iba ang positibo at negatibong karanasan ng mga aaral sa kanilang mga asignatura. May mga mag-aaral na walang negatibong naranasan sa ibang aisgnatura at pawang mga positibo lamang subalit may ilan namang parehong positibo at negatibo ang kanilang karanasan sa lahat ng asignatura. Pangunahing salik na nakaaapekto sa kanilang pag-aaral at pagkatuto ay guro, interes at gadget. Samantala, pangunahing naging kasagutan din ng respondents upang makasabay sa talakayan ay pakikinig nang mabuti sa guro, pagtatanong sa guro at kamag-aral, at pag-advance reading at pananaliksik. Dahil dito, inirerekomendang, gumamit ang guro ng estratehiya't pamamaraang makapupukaw ng interes ng mga mag-aaral na matuto sa lahat ng asignatura. Magbigay ng mga interaktibong gawain upang mapukaw maging buhay at masaya ang klase. Pataasin ng mga mag-aaral ang interes sa pagbabasa ng iba't ibang babasahin lalo na sa Ingles at Filipino upang madagdagan ang bokabularyo at kaalaman. Magkaroon ang mga mag-aaral ng pagkukusang magtanong sa guro ang kapuwa mag-aaral kung hindi nauunawaan ang aralin. Iwasan ang malabis na paggamit ng gadget. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, nabuo ang mga panukalang gawain sa bawat asignatura.

## SANGGUNIAN

1987 Constitution of the Republic of the Philippines. (1987). *Official Gazette of the Republic of the Philippines*. https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/

Anig, J. Q., & Mustapha, J. R. (2023). *The impact of parents' polygamy practices on students' learning at school*. https://panagdait.sccpag.edu.ph/wp-content/uploads/2023/08/The-Impact-of-Parents-Polygamy-Practices-on-Students-Learning-at-School.pdf

Bacilio, A., Barillos, M., Cerujano, M. C., & others. (2019). Epekto ng teknolohiya sa mga mag-aaral ng ika-11 baitang sa asignaturang Filipino ng Bestlink College of the Philippines. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, *3*(2). https://www.ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/1138

Brian, C. (2019). *Kahulugan at kahalagahan ng edukasyon*. Pinoy Newbie. https://www.pinoynewbie.com/kahulugan-kahalagahan-ng-edukasyon/

Cambridge Assessment Network and Research. (2019, July). *Students' favorite subjects around the world*. https://www.cambridgeassessment.org.uk/our-research/data-bytes/students-favourite-subjects-around-the-world/

Castillo, G. H. D., & Abagon, B. S. (2021). Antas ng kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 9 ng Cabangan National High School, Zambales, taong panuruan 2020–2021. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*, *5*(6), 281-289. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/06/ZK2156275281.pdf

Chanco, B. (2022, July 4). Crisis in education. *Philstar.com*. https://www.philstar.com/business/2022/07/04/2192779/crisis-education

Commission on Higher Education. (2013). *CHED memorandum order no. 20, series of 2013*. https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/2017/10/CMO-No.20-s2013.pdf

De Guzman, J. A., & Abagon, B. S. (2021). Kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ng Senior High School. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*, *5*(10), 130-137. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/10/P21510125137.pdf

De Guzman, S. S. (2021, July 19). The increasing struggle of Philippine education. *Philstar.com*. https://www.philstar.com/opinion/2021/07/19/2113423/increasing-struggle-philippine-education

Department of Education. (2021, December 6). *DepEd encourages teachers, parents to use Reading Progress Tool to assess learners' reading skills*. https://www.deped.gov.ph/2021/12/06/deped-encourages-teachers-parents-to-use-reading-progress-tool-to-assess-learners-reading-skills/

Filgona, J., & Okoronka, A. U. (2020). *Motivation in learning*. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/344199983_Motivation_in_Learning

Jenkins, P. (2022). *Why are writing skills important: A comprehensive overview*. Brilliantio. https://brilliantio.com/why-are-writing-skills-important/

Manubey, J., Batlolona, J. R., & Leasa, M. (2021). Peer tutoring analysis in inclusive classes using character education approach. *International Journal of Evaluation and Research in Education (IJERE)*, *10*(1). https://edulearn.intelektual.org/index.php/EduLearn/article/view/19190

Ordoña, C. J. P. (2022, March 15). *Mga suliranin sa kasalukuyang sistema ng edukasyon sa Pilipinas: Hamon sa kabataang Filipino*. Department of Education Division of Nueva Ecija. https://deped-ne.net.ph/2022/03/15/mga-suliranin-sa-kasalukuyang-sistema-ng-edukasyon-sa-pilipinas/

**ISSN:3116-4692**

Rintaningrum, R. (2019). Explaining the important contribution of reading literacy to the country's generations: Indonesian's perspectives. *International Journal of Innovation, Creativity and Change*, *5*(3), 510-520. https://www.ijicc.net/images/Vol_5_Iss_3/Part_2_2020/5310_Ratna_2019_E_R.pdf

Rone, N. A., Guao, N. A. A., Jariol, M. S., & others. (2023). *Students' lack of interest, motivation in learning and classroom participation: How to motivate them?* ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/369370919_Students%27_Lack_of_Interest_Motivation_in_Learning_and_Classroom_Participation_How_to_Motivate_Them

Varona, F. A., & Mandado, J. O. (2020). *Ang kasanayang pasalita gamit ang kagamitang multimidya sa antas tersyarya*. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/363861466_Ang_Kasanayang_Pasalita_Gamit_ang_Kagamitang_Multimidya_sa_Antas_Tersyarya

Villar, M. (2019, September 18). Isang dakilang propesyon (Unang bahagi). *Balita*. https://balita.net.ph/2019/09/18/isang-dakilang-propesyon-unang-bahagi/